


Senior High School

Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Pagbuo ng Isang Maikling Pananaliksik sa mga Napapanahong Isyu



Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Pagbuo ng Isang Maikling Pananaliksik sa mga
Napapanahong Isyu
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Princess R. Penueco Mary Joy B. Elvira	
Editor:	Pilita A. Villanueva	
Tagasuri:	Elma H. Ilagan Helen G. Magnaye	Marissa O. Aguirre Ma. Gladys A. Delos Reyes
Tagaguhit:	Agnes Manaig	
Tagalapat:	Reden M. Cruzado	Jasmin V. Facturanan
Tagapamahala:	Wilfredo E. Cabral Job S. Zape Jr. Eugenio S. Adrao Elaine T. Balaogan Fe M. Ong-ongowan Lourdes T. Bermudes Bernadette T. Luna Violeta I. Francisco Marissa O. Aguirre Ednel A. Almoradie	Francis Cesar B. Bringas Ramonito O. Elumbaring Alona A. Enzinares Regin Rex P. Tosco Ma. Gladys A. Delos Reyes

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IV-A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Barangay San Isidro,
Cainta, Rizal 1800

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: region4a@deped.gov.ph

**Pagbasa at Pagsusuri ng
Iba't ibang Teksto
Tungo sa Pananaliksik
Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
Pagbuo ng Isang Maikling
Pananaliksik sa mga
Napapanahong Isyu**

Paunang Salita

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng pagtalakay sa kung paano makabuo ng isang maikling pananaliksik sa mga napapanahong isyu sa ating bansa. Ito ay may kaugnayan din sa napag-aralan mo sa naunang modyul. Makatutulong ito sa iyo upang lalo pang mapaunlad ang iyong kakayahan sa pagsulat ng pananaliksik.

Kasanayang Pampagkatuto:

- Nakabubuo ng isang maikling pananaliksik na napapanahon ang paksa **(F11EP – IVij)**

Layunin:

- Nabibigyang kahulugan ang pananaliksik,
- Naipaliliwanag ang kahalagahan ng bawat bahagi nito, at
- Nakasusulat ng isang maikling pananaliksik na napapanahon ang paksa.

11. Alin sa sumusunod na kategorya ng “questionnaire” ang HINDI kabilang?
A. disenyo B. kalinawan C. kaangkupan D. kasanayan
12. Sa kabanatang ito ipinaliwanag ang interpretasyon sa datos na nakuha sa pananaliksik.
A. Kabanata I B. kabanata II C. Kabanata III D. Kabanata IV
13. Ito ay isang paraan ng pagtuklas ng mga kasagutan sa mga partikular na katanungan ng tao tungkol sa kaniyang lipunang ginagalawan.
A. karanasan C. pagpapaunlad
B. komunikasyon D. pananaliksik
14. Bakit patuloy ang paghahanap ng kasagutan sa iba’t ibang phenomena?
A. Dahil sa pangangailangan ng tao
B. Dahil naghahanap ng panibagong dagdag kaalaman
C. Dahil nais ng tao na makapag-ambag ng kaalaman sa lipunan
D. Dahil patuloy na inuunawa ng tao ang mga pangyayari sa kaniyang paligid
15. Ang sumusunod ay mga paraang ginagamit sa pananaliksik upang makakalap ng impormasyon, *maliban sa*
A. debate B. eksperimento C. interbyu D. sarbey

Aralin

5

Pagbuo ng Isang Maikling Pananaliksik sa mga Napapanahong Isyu

Sa modyul na ito ay tatalakayin ang mga bahagi ng pananaliksik. Dito ay pag-aralan mo ang nilalaman ng bawat bahagi ng pananaliksik upang makabuo ka ng isang maikling pananaliksik na tumatalakay sa mga napapanahong isyu sa ating bansa.



Balikan

Bago natin simulan ang iyong magiging paglalakbay sa modyul na ito, muli mong balikan ang iyong natutuhan sa mga naunang aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa katanungang ito:

- *Ano ang kaugnayan ng konseptong papel sa pagsulat ng isang pananaliksik?*



Mga Tala para sa Guro

Halina at ipagpatuloy ang iyong pag-aaral. Tuklasin mo ang mga pamamaraan sa mabisang paggamit ng pagpapahayag upang makabuo ng isang reaksyong papel.



Suriin

Upang mas maging mas maliwanag sa iyo ang paggawa ng pananaliksik sa Filipino, narito ang mga mahahalagang bahagi na dapat taglayin ng isang pananaliksik. Subalit bago iyan, alamin muna natin ang kahulugan ng salitang pananaliksik.

Ano ang pananaliksik?

Ayon kay Susan B. Neuman (1997), na binanggit nina Evasco et al. (2011) sa aklat na “Saliksik: Gabay sa Pananaliksik sa Agham Panlipunan, Panitikan at Sining”, ang **pananaliksik** ay isang paraan ng pagtuklas ng mga kasagutan sa mga partikular na katanungan ng tao tungkol sa kaniyang lipunan o kapaligiran. Patuloy ang pananaliksik sa sa iba’t ibang paksa at penomenon dahil patuloy na inuunawa ng tao ang mga pangyayari at pagbabago sa kaniyang paligid. Kasabay ng pag-unawa, tumutuklas ang tao ng iba’t ibang imbensyon at kaalaman.

Narito ang mga bahagi ng pananaliksik na dapat mong malaman.

KABANATA I

(Ang Suliranin at ang Kaligiran Nito)

I. PANIMULA O INTRODUKSYON (RASYUNAL)

Ito ay isang maikling talatang kinapapalooban ng pangkalahatang pagtalakay ng paksa. Dito tinatalakay ang mga sagot sa tanong na Ano at Bakit - “Ano ba ang tungkol sa iyong pinag-aaralan paksa?” at “Bakit kailangan pa itong pag-aralan?”

Halimbawa:

Paksa: Information Technology: Daan sa Makabagong Panahon

Rasyunal: Bago sumapit ang information technology, katakot-takot na pasakit at paghihirap ang dinanas upang makatanggap o makapagpadala ng mensahe. Ilang araw o buwan ang kailangang lumipas bago matanggap ang liham. Kuntento na rin sa isang beses na makapag-usap dahil mahal ang overseas long distance. Samakatuwid, mabagal ang paraan ng komunikasyon.

Sa paglipas ng panahon, tila ang Mindanao ay naging Quiapo at ang Hongkong ay Divisoria. Kaunting pihit lang sa kompyuter ay konektado ka na sa kabilang bahagi ng mundo. May pagkakataon pa ngang makausap o makita ang isa’t isa sa screen ng kompyuter. Ang lahat ng ito ay dahil sa teknolohiya.

(ni Julie Ebal-Wika at Lipunan sa Panahon ng Impormasyon)

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Sa bahaging ito nakalagay ang sanhi o layunin kung bakit isinasagawa ang pag-aaral. Tinutukoy rin dito ang mga pangunahing suliranin na nasa anyong patanong. Ito ay isa sa pinakamahalagang bahagi ng pananaliksik. Ito ang pokus o sentro ng pag-aaral.

Halimbawa:

Ang pag-aaral na ito ay may layuning mabatid ang Antas ng Pagtanggap sa Paggamit sa Dinesenyong Rubrics Bilang Pamantayan sa Pagmamarka sa mga Piling Gawain sa Filipino ng mga Guro sa University of Rizal System Taong Pang-Akademiko 2014-2015.

Layunin nito na sagutin ang sumusunod na katanungan:

- 1. Ano ang propayl ng respondente ayon sa edad, kasarian, katayuan sa buhay, bilang ng taon sa pagtuturo at kwalipikasyon edukasyonal?*
- 2. Ano ang antas ng pagtanggap sa paggamit ng rubriks bilang pamantayan sa pagmamarka sa mga piling gawain sa Filipino ng mga guro sa University of Rizal System ayon sa edad, kasarian, bilang ng taon sa pagtuturo at kwalipikasyong edukasyon batay sa disenyo, kalinawan, kaangkupan at kasapatan?*

III. KAHULUGAN NG KATAWAGAN

Binibigyang kahulugan nito ang mga salitang mahalaga o pili na ginagamit sa pananaliksik.

Halimbawa:

Upang lalong maunawaan ang mga katawagan, ginamit ang konseptwal na kahulugan sa pag-aaral na ito:

Batayan. *Ito ay bagay na pinagsasaligan o sinusunod.*

Asignaturang Filipino. *Ito ay tumutukoy sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa balarila, mga uri ng pananalita at kahit na ang mga mahahalagang pangyayari sa ating bansa, gamit ang Wikang Pambansa bilang midyum ng instruksyon sa pagtuturo.*

Guro. *Ito ay taong nagtuturo o taong naghahanap- buhay o ang propesyon ay pagtuturo.*

Kaalaman. *Ito ay kakayahang nakukuha ng isang tao sa pamamagitan ng karanasan o pag-aaral.*

IV. BATAYANG KONSEPTWAL

Nakasaad ang teoryang pinagbabatayan ng pag-aaral.

Halimbawa:

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng teorya ni Thorndike na tinatawag na Connectionism Theory kung saan nakapaloob dito ang Law of Effect na nagsasaad ng

“The more satisfying the result of a particular reaction, the better the action”. This law applies to any repeated trial or error experiment to an individual.

Sinasabi na ito ay isinasagawa sa anumang bagay o pagsubok na hindi napagtagumpayan ng isang indibidwal. Ito ay may kinalaman sa pag-aaral ng mga mananaliksik sapagkat ang Rubriks ay instrumentong ginagamit ng mga guro bilang batayan sa kanilang pagmamarka. Maihahalintulad ito sa Law of Effect sa kadahilanang ito ay tumutukoy sa pag-alam ng kalakasan maging kahinaan ng isang indibidwal. Dito nagkakaroon ng batayan kung paano maiwawasto ang bagay na hindi napagtagumpayan.

V. SAKLAW AT LIMITASYON NG PAG-AARAL

Dito nakasaad ang lawak at limitasyon ng pinag-aaralan.

Halimbawa:

Ang saklaw ng pag-aaral ay limitado lamang sa pagbatid sa Antas ng Pagtanggap sa Paggamit sa Dinesenyong Rubrics Bilang Pamantayan sa Pagmamarka sa mga Piling Gawain sa Filipino ng mga Guro sa University of Rizal System Taong Pang-Akademiko 2014-2015.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa iba’t ibang kampus ng University of Rizal System na may kursong Edukasyon. Ang katanungan ay limitado lamang tulad ng propayl ng tagatugon ayon sa edad, kasarian, bilang ng taon sa pagtuturo at kwalipikasyong edukasyonal batay sa kategorya ng rubrics tulad ng disenyo, kalinawan, kaangkupan at kasapatan.

KABANATA II

(Metodo Ng Pananaliksik)

I. DISENYO NG PANANALIKSIK

Nililina sa bahaging ito ang ginamit na disenyo ng pananaliksik

Halimbawa:

Pamamaraan ng Pananaliksik

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong paraan sa pag-aaral na ito upang mabatid ang Antas ng Pagtanggap sa Paggamit ng Disenyong Rubriks Bilang Pamantayan sa mga Piling Gawain sa Filipino ng mga Guro sa University of Rizal System Taong Pang-Akademiko 2014-2015.

Ayon kay Javier (2005), na binanggit ni Danao ang deskriptibong pananaliksik ay kinapapalooban ng pagpapaliwanag, pagtatala, pag-aanalisa, interpretasyon at kadalasang sumasaklaw sa pagkukumpara at pagtutulad, pagdiskubre sa mga sanhi at bunga ng mga kalagayang nagaganap sa mga bagay at pangyayari sa kasalukuyan.

Layunin ng pag-aaral na ito na makapangalap ng mga tamang datos o impormasyon upang mapatunayan ang nasabing pag-aaral.

Naniniwala ang mga mananaliksik na malaki ang maitutulong ng pamamaraang gagamitin sa pagtuklas ng impormasyon ukol sa suliraning inilahad.

II. RESPONDENTE

Dito inalalahad ang eksaktong bilang ng mga sumagot sa inihandang kwestyoner-sarbey.

Halimbawa:

Kalahok sa Pag-aaral

Ang kalahok sa pag-aaral ay ang mga gurong nagtuturo ng Filipino sa iba't ibang kampus ng University of Rizal System na may kursong Edukasyon.

UNIBERSIDAD/KAMPUS	TAGASAGOT
<i>Pililla</i>	<i>2</i>
<i>Tanay</i>	<i>2</i>
<i>Morong</i>	<i>3</i>
<i>Angono</i>	<i>3</i>
<i>Antipolo</i>	<i>3</i>
<i>Taytay</i>	<i>3</i>
<i>Cainta</i>	<i>1</i>
<i>Rodriguez</i>	<i>4</i>
KABUUAN	21

III. INSTRUMENTO NG PANANALIKSIK

Dito nakikita ang mga ginamit na instrumento sa pagsarbey sa mga respondente katulad ng paggamit ng “questionnaire”.

Halimbawa:

AYTEM	5	4	3	2	1
I. Disenyo					
1. Ang disenyo ng rubriks ay payak, madaling maunawaan at gamitin ng mga guro.					
2. Ang mga hanay at mga kolum ay nakaayos nang mabuti batay sa pag-unawa ng mga mag-aaral.					
3. Ang disenyo ng rubriks ay madaling nagagamit sa pagtatasa ng naturang gawain.					
4. Natukoy ng rubriks ang mga kakayahan at abilidad na kinailangang maobserbahan sa bawat gawain.					
5. Ang sukat ng bawat letra ay maayos at madaling nababasa.					
II. Kalinawan					

Ang pamantayan ay nagpakita ng buo at matibay na tala.					
1. Ang bawat aytem sa rubriks ay may tiyak na pamantayan tulong sa inaasahan sa mga mag-aaral.					
2. Ang pagpapaliwanag sa mga pamantayan sa pagganap ay malinaw.					
3. Ang mga pamantayan sa pagganap ay magkakatulad at may kaugnayan sa mga gawain.					
4. Ang iskalang ginamit sa rubriks ay inilarawan sa paraang madaling maunawaan ng mag-aaral.					
III. Kaangkupan					
1. Ang nilalaman ng bawat dimensyon ay nauukol at magkakaugnay.					
2. Ang mga pamantayang nakapaloob sa rubriks ay naaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral at depende sa baitang.					
3. Ang mga pamantayan sa pagganap ay nakatutulong nang malaki sa pagtatasa ng isang gawain.					
4. Wasto ang mga salitang ginamit sa paglalarawan ng pamantayan sa pagganap.					
5. Ang rubriks na ito ay nagsisilbing mabisa at hindi takaw oras sa pagtatasa ng gawain.					
IV. Kasapatan					
1. Bawat pamantayan na nakapaloob sa rubriks ay sumasamin sa makabuluhang kabuuan ng isang gawain.					
2. Sapat ang mga pamantayang nakalahad mula sa bawat hanay.					
3. Ang kalidad ng pagganap ay malinaw na naipaliwanag at nailarawan.					
4. Ang espasyo para sa karagdagang komento at pagbibigay ng grado ay kapaki-pakinabang.					
5. Ang mga pamantayang ibinibigay ay angkop sa kakayahan ng bawat mag aaral.					

V. TRITMENT NG MGA DATOS

Nakalagay dito ang simpleng estadistika ng mga nakuhang datos galing sa respondente.

Halimbawa:

Ang estatistikang ginamit upang mabatid ang antas ng pagtanggap sa paggamit ng rubriks bilang pamantayan sa pagmamarka sa mga gawain sa Filipino ng mga guro sa Pilila, Rizal ay ang mga sumusunod:

Suliranin 1. Upang malaman ang pasariling datos o propayl ng mga respondente ayon sa edad, kasarian, katayuan sa buhay, bilang ng taon sa pagtuturo at kwalipikasyong edukasyonal ay ginagamit ang frequency at percentage rank.

Suliranin 2. Sa pagsusuri sa Antas ng Pagtanggap sa Paggamit ng Rubriks Bilang Pamantayan sa Pagmamarka ng mga guro, ginamit ng mga mananaliksik ang mean rank gamit ang iskala ni Likert.

Iskala	Punto	Interpretasyong Berbal
4.20-5.00	5	<i>Napakataas na Pagtanggap (NNP)</i>
3.40-4.19	4	<i>Mataas na Pagtanggap (MNP)</i>
2.60-3.39	3	<i>Katamtamang Pagtanggap (KP)</i>
1.80-2.59	2	<i>Mababang Pagtanggap (MP)</i>
1.00-1.79	1	<i>Napakababang Pagtanggap (NP)</i>

KABANATA III

(Pagsusuri at Interpretasyon ng Datos)

I. PAGESUSURI

Ito ay nagagawa sa pamamagitan ng pagpapahayag o pagpapaliwanang ng kinalabasan ng pinag-aaralan.

Halimbawa:

Suliranin Blg. 1: Ano ang propayl ng mga tagasagot ayon sa kasarian, edad, bilang ng taon sa pagtuturo, at kwalipikasyong edukasyonal?

Talahanayan 1

Respondente ayon sa Kasarian

Kasarian	F	%
<i>Lalaki</i>	6	28.57
<i>Babae</i>	15	71.43
<i>kabuuhan</i>	21	100

Ipinakikita sa talahanayan 1 na ang mga babaeng guro ay nangunguna sa ranggo na may kabuuang 15 o 71.43 bahagdan, samantalang ang mga lalaki ay may kabuuang 6 o 28.57 bahagdan.

Nakalahad sa datos na ang mga kababaihan ay mas higit na marami ang bilang kaysa sa kalalakihan.

Wika ng dating Kalihim ng Edukasyon na si Jesli A. Lapuz (2008) "Male teachers were a vanishing breed, accounting for only a very small portion of the entire teacher population in the country at present."

II. INTERPRETASYON

Sa pagbibigay interpretasyon ng kinalabasan ng pag-aaral, ipinahahayag dito ang pansariling implikasyon at resulta ng pananaliksik.

Halimbawa:

Kompositong Talahanayan sa Antas ng Pagtanggap sa Dinisenyong Rubriks Bilang Pamantayan sa Pagmamarka ayon sa Kasarian

Kategorya	Lalaki			Babae			Kabuuang		
	Wx	R	IB	Wx	R	IB	Wx	R	IB
Disenyo	4.36	2	NNP	4.33	1	NNP	4.35	1.5	NNP
Kalinawan	4.06	3	MNP	4.32	2	NNP	4.19	3	MNP
Kaangkupan	3.86	4	MNP	4.30	3	NNP	4.08	4	MNP
Kasapatan	4.56	1	NNP	4.14	4	MNP	4.35	1.5	NNP
Kabuuang Wx	4.21		NNP	4.27		NNP	4.24		NNP

Ipinakikita sa talahanayan 5 na ang mga babae pagdating sa kategoryang disenyo ay nangunguna na may Wx 4.33 at interpretasyong berbal na napakataas na pagtanggap samantalang ang kasapatan naman ang nakakuha ng pinakamababang antas na may Wx na 4.14 at interpretasyong berbal na mataas na pagtanggap.

Sa mga datos ng mga lalaki, ang kasapatan ang nangunguna sa ranggo na may Wx na 4.56 at interpretasyong berbal na napakataas na pagtanggap samantalang ang kaangkupan ang nakakuha ng pinakamababang antas na may Wx na 3.86 at interpretasyong berbal na mataas na pagtanggap.

Sa pinagsamang kabuuang ng lalaki at babae, disenyo at kasapatan ang nangunguna sa ranggo. Ang kabuuang Wx ay 4.24 ay nagsasaad na ang antas ng pagtanggap sa dinesenyong rubriks ayon sa kasarian ay napakataas ang pagtanggap.

Ayon sa isang pahayag na nakuha sa internet “Ang pagsasaalang-alang sa mga komento at suhestyon ng mga mag-aaral ay nakatutulong din sa pagdidisenyo ng isang rubriks, sa kadahilanang ang mga ito ay maaaring naglalaman ng tama at maling paniniwala na maaring hindi maikonsidera ng isang nagdidisenyo.”

Halimbawa:

Konklusyon

Batay sa komprehensibong paglalagom ng mga datos, ang mga sumusunod na konklusyon ay inilalahad:

- 1. Hinggil sa pansariling datos ukol sa kasarian, higit na nakararami ang mga gurong babae, may edad na 35 taong gulang pataas, nagtuturo ng 16 taon pataas at may masteral units at masteral degree.*
- 2. Mataas ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa dinisenyong rubriks, sapagkat nakikita nila na maayos at makatutulong ito bilang pamantayan sa pagmamarka ng mga gawain sa Filipino.*

KABANATA IV

(Paglalahad Ng Resulta Ng Pananaliksik)

Dito inilalahad nang isa-isa at malinaw ang mga naging kasagutan sa bawat suliranin o tanong o layunin na binigay sa simula ng pananaliksik.

Halimbawa:


Batay sa isinagawang pag-aaral ng antas ng pagtanggap sa paggamit ng disenyong rubriks, binigyang diin ang mga sumusunod:

1. Propayl ng mga respondente

- A. Hinggil sa kasarian, karamihan sa mga gurong respondente ay babae na may 15 o 71.43 na bahagdan samantalang ang lalaki ay 6 o 28.57 na bahagdan.
- B. Hinggil sa edad, karamihan ng mga guro ay nasa edad 35 taon pataas o 66.66 na bahagdan, samantalang 31-34 at 25 taon pababa naman ang may pinakamababang bilang na 2.0 o 9.52 bahagdan.
- C. Hinggil sa bilang ng taon sa pagtuturo nangunguna ang mga gurong nagtuturo nang 16 taon pataas na may kabuuang 10 o 47.62 bahagdan, pumapanghuli ang 6-10 na may 4.76 na bahagdan.
- D. Hinggil sa kwalipikasyon edukasyonal, una ang mga gurong may masteral units at masteral degree na may magkaparehong bilang na 8 o 38.09 bahagdan.

2. Antas ng pagtanggap sa paggamit ng dinisenyong rubriks:

- A. Sa disenyo, ang natamong Wx ay 4.28 at may interpretasyong berbal na napakataas na pagtanggap.
- B. Sa kalinawan, ang natamong Wx ay 4.18 at may interpretasyong berbal na mataas na pagtanggap.
- C. Sa kaangkupan, ang natamong Wx ay 4.12 at may interpretasyong berbal na mataas na pagtanggap.
- D. Sa kasapatan, ang natamong Wx ay 4.09 at may interpretasyong berbal na mataas na pagtanggap.



Pagyamanin

Ang pagsulat ng isang pananaliksik ay isang proseso. Upang makabuo ka ng pananaliksik ay gawin mo ang mga pagsasanay sa ibaba.

PAGSASANAY 1

Maglista ng tatlong paksa na maaari mong pag-aralan sa iyong gagawin pananaliksik. Pumili ng mga paksang tumatalakay sa napapanahong isyu sa lipunan. Tandaan, isa sa mga salik na isinasaalang-alang sa pagpili ng paksa sa pananaliksik ay ang iyong interes dito. Isulat sa iyong sagutang papel ang mga paksang iyong mapipili.


PAGSASANAY 2

Batay sa mga inilistang paksa sa Pagsasanay 1 ay maglahad ng tatlong suliranin sa bawat paksang napili. Gamitin ang talahanayan sa ibaba.

PAKSA	PAGLALAHAD NG SULIRANIN
1.	1. 2. 3.
2.	1. 2. 3.
3.	1. 2. 3.

PAGSASANAY 3

Gamit ang larawang nakakahon ipaliwanag at ilarawan ang impormasyong nakalagak.




Isaisip

Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Sa iyong palagay, bakit mahalagang pag-aralan ang pananaliksik?

2. Paano nakatutulong sa pamumuhay ng tao ang pagsasagawa ng pananaliksik?

3. Bilang isang mag-aaral, naging makabuluhan ba sa iyo ang pag-aaral ng pananaliksik?



Isagawa

PAGSASANAY 1


Sa mga naunang gawain ay nagawa mong makapili at makagawa ng sariling paksa na maaaring magamit sa pagsulat ng isang maikling pananaliksik. Pumili ng isang paksang higit na pumukaw ng iyong atensyon mula sa bahagi ng Pagyamanin. Gamitin ang kahon sa ibaba upang maibigay ang mga hinihinging impormasyon ukol sa iyong paksa. Maaari kang magsaliksik mula sa iba't ibang batayan upang mapagtibay ang iyong gagawing pananaliksik. Gamitin ang pamantayan sa pagsulat. Tandaan, mayroon kang dalawang linggo upang gawin ito.

Pamantayan sa pagsulat ng pananaliksik	Kaukulang puntos
Napapanahon at kapaki-pakinabang ang napiling paksa	10
Organisado at malinaw ang pagkalahad ng mga impormasyon sa bawat bahagi ng pananaliksik	10
May kaisahan ang mga ideyang nakapaloob sa pananaliksik	10
Inilahad ang mga sangguniang ginamit	10
KABUUAN	40

BAHAGI NG PANANALIKSIK	NILALAMAN NG MGA BAHAGI
Paksa	
Rasyonal at Kaligiran ng Paksa	
Paglalahad ng Suliranin	
Kahulugan ng Katawagan	
Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral	
Batayang Konseptwal	
Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral	
Disenyo ng Pananaliksik	
Mga Sangguniang Ginamit	

PAGSASANAY 2


Matapos ang ginawa sa Pagsasanay 1, ipagpatuloy ang paggawa ng maikling pananaliksik sa pamamagitan ng paggawa ng Kabanata 3 at Kabanata 4. Subalit bago gumawa at magpasagot ng inyong mga talatananugan, ipakita at ipawasto muna ito sa inyong guro. Matapos maiwasto ay doon lamang mag-uumpisang gumawa ng sarbey o talatanungan na ipasasagot sa pamamagitan ng online o kung hindi online ay sa personal subalit may patnubay ng guro. Para sa paglalapat ng estadistika, maaaring magpatulong sa mga guro ng Matematika upang malapatan ng tamang pormula.



Tayahin

Basahing mabuti ang mga pahayag. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Nakasaad dito ang lawak at limitasyon ng pinag-aaralan.
A. disenyo
B. Instrument
C. saklaw at limitasyon
D. tritment ng mga datos
2. Sa bahaging ito inilalahad ang metodo ng pananaliksik.
A. Kabanata I B. Kabanata II C. Kabanata III D. Kabanata IV
3. Binibigyang kahulugan dito ang mga salitang mahahalaga o pili na ginagamit sa pananaliksik.
A. instrumento
B. kahulugan ng katawagan
C. rasyunal
D. saklaw at limitasyon
4. Nakalagay rito ang sanhi o layunin ng paksang inaaral sa anyong patanong.
A. disenyo ng pananaliksik
B. kahulugan ng katawagan
C. paglalahad ng resulta
D. paglalahad ng suliranin
5. Sa bahaging ito matatagpuan ang paglalahad ng suliranin.
A. Kabanata I B. Kabanata II C. Kabanata III D. Kabanata IV
6. Sa bahaging ito inilalahad nang malinaw ang naging kasagutang sa bawat suliranin, tanong o layunin na ibinigay simula ng pananaliksik.
A. Kabanata I B. Kabanata II C. Kabanata III D. Kabanata IV
7. Nakalatag dito ang teoryang pagbabatayan ng pag-aaral.
A. batayang konseptwal
B. disenyo ng pananaliksik
C. interpretasyon
D. respondent
8. Inilalahad dito ang eksaktong bilang ng mga sumagot sa inihandang kwestyoner-sarbey.
A. instrumento
B. interpretasyon
C. rasyunal
D. respondent



Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: center;">Tayahin</p> <p style="text-align: center;">C B D A A A C D A A D A D B B C</p>	<p style="text-align: center;">Pagyamanin</p>	<p style="text-align: center;">Subukin</p> <p style="text-align: center;">A B A C D C D A D A B D C D D A</p>
--	--	--

Sanggunian

De Laza, Crizel Sicat & A. E. Batnag (2016). Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Manila, Philippines: Rex Book Store.

Ebal, Julie -Wika at Lipunan sa Panahon ng Impormasyon Information Technology: Daan sa Makabagong Panahon

Evasco et al. (2011). Saliksik: Gabay sa Pananaliksik sa Agham Panlipunan, Panitikan at Sining.

https://www.academia.edu/40167390/PAGBUO_NG_GABAY_SA_SULATING_PANANALIKSIK_SA_SENIOR_HIGH_SCHOOL_converted20190825_80570_15gkrd

Gonzales, Ma. Francisca, J. Pasay, & P. Penueco (2016). Antas sa Pagtanggap sa Paggamit ng Dinesenyong Rubrics Bilang Pamantayan sa Pagmamarka sa mga Piling Gawain sa Filipino, Philippines, URSP.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph